



Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang Katanungan

GANAP NANG NABAKUNAHAN AT NAPAPANAHON



Para makita ang mga ito at iba pang Mga Kadalasang Katanungan (FAQs) sa bakuna online, bisitahin ang [webpage ng bakuna sa COVID-19](#).

Ano ang ibig sabihin ng “napapanahon” sa mga bakuna sa COVID-19?

Ang pagiging **napapanahon** sa iyong mga bakuna sa COVID-19 ay nangangahulugan na:

- Natanggap mo na ang lahat ng pangunahing serye ng dosis, at lahat ng inirekomendang mga dosis ng pampalakas na bakuna noong ang mga ito ay nakatakda na.

Tandaan: Ang rekomendasyon para sa mga dosis ng pampalakas na bakuna ay mag-iiba-iba batay sa iyong edad, katayuan sa kalusugan, anong bakuna ang una mong natanggap, at kung kailan ka unang nabakunahan. Bisitahin ang interaktibong CDC [Pagkuha ng iyong Pampalakas na Bakuna sa COVID-19](#) na kasangkapan upang tumulong tukuyin kung ikaw (o ang iyong anak) ay nakatakda na para sa anumang mga pampalakas na bakuna.

Kapag ang mga tao ay napapanahon sa kanilang mga bakuna sa COVID-19, nakakuha nila ang pinakamahusay na proteksyon laban sa malubhang sakit ng COVID-19.

Tingnan ang webpage sa Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19 ng LACDPH sa ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules para sa impormasyon sa lahat ng inirekomendang pangunahin at pampalakas na dosis. Para sa mas marami pang detalye, tingnan ang CDC webpage, [Manatiling Napapanahon sa Iyong mga Bakuna sa COVID-19](#).

Kailan ako itinuturing na ganap nang nabakunahan?

Ikaw ay itinuturing na ganap nang nabakunahan dalawang linggo pagkatapos tanggapin ang lahat ng inirekomendang dosis ng pangunahing serye:

- Nakakuha ka na ng isahang (single) dosis ng bakuna sa COVID-19 na Johnson & Johnson (J&J)/Janssen, o
- Nakakuha ka ng pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19 na Pfizer (COMIRNATY) o Moderna (SPIKEVAX), o
- Nakakuha ka ng lahat ng inirekomendang dosis ng aktibong bakuna sa COVID-19 (hindi plasebo) sa isang klinikal na pagsubok (clinical trial) na may [kumpirmadong pagiging epektibo](#).

Kung ikaw ay nabakunahan sa labas ng Amerika (US) o ng pinaghalo at pinagtinugmang mga bakuna (mix-and-match vaccines), tingnan ang mga seksyon sa ibaba.

Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng pagiging ganap nang nabakunahan at pagiging napapanahon?

Ang ilang mga sitwasyon ay nag-aatas na ang tao ay maging ganap nang nabakunahan. Halimbawa, ang pagiging ganap nang nabakunahan ay maaaring maging patakaran para sa [internasyonal na paglalakbay](#), trabaho, para dumalo sa paaralan, o para pumasok sa ilang mga lugar ng pagdarausan (venues).

Ang pagiging napapanahon sa mga bakuna ay maaaring hindi kasalukuyang inaatas sa maraming sitwasyon. Ngunit nagbibigay ito sa iyo ng pinakamahusay na proteksyon laban sa COVID-19.

Kung ako ay nabakunahan sa labas ng Amerika (US), ako ba ay itinuturing na ganap nang nabakunahan?

- Kung nakuha mo ang kumpletong serye ng bakuna sa COVID-19 na aprubado o awtorisado ng FDA o [inilista ng WHO](#):
 - Ikaw ay itinuturing na ganap nang nabakunahan dalawang linggo pagkatapos ng iyong huling dosis.
- Kung nakakuha ka ng dalawang dosis ng magkaibang bakuna sa COVID-19 na parehong aprubado o awtorisado ng FDA o [inilista ng WHO](#) bilang 2-dosis na serye:



Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang Katanungan

GANAP NANG NABAKUNAHAN AT NAPAPANAHON

- Ikaw ay itinuturing na ganap nang nabakunahan dalawang linggo pagkatapos ng iyong huling dosis. Tandaan: ang CDC ay hindi nagrerekomenda na ang mga tao ay maghalo at magtugma ng mga bakuna sa COVID-19 para sa pangunahing serye.
- **Kung nakakuha ka ng ilan o lahat ng serye ng bakuna sa COVID-19 na HINDI aprubado o awtorisado ng FDA o inilista ng WHO**
 - Hindi ka itinuturing na ganap nang nabakunahan ng mga awtoridad ng Amerika (US).
 - Kung gusto mong ituring na ganap nang nabakunahan sa Amerika (US), kakailanganin mong kumumpleto ng bagong serye ng bakuna na awtorisado o aprubado ng FDA o inilista ng WHO. Dapat kang maghintay ng hindi bababa sa 28 araw pagkatapos ng iyong huling dosis ng bakuna bago simulan ang pangunahing serye ng bakuna sa COVID-19 na awtorisado/aprubado ng FDA.
- **Kung sinimulan mo ang serye ng bakuna sa COVID-19 na inilista ng WHO ngunit hindi makukuha sa Amerika (US):**
 - Hindi ka itinuturing na ganap nang nabakunahan ng mga awtoridad ng Amerika (US).
 - Kung ikaw ay nasa Amerika (US) na at gustong ituring na ganap nang nabakunahan, dapat kang kumuha ng isahang (single) dosis ng mRNA na bakuna (Pfizer o Moderna na bakuna sa COVID-19) para ituring na ganap nang nabakunahan. Dapat kang maghintay ng hindi bababa sa 28 araw pagkatapos kunin ang unang dosis ng bakuna sa COVID-19 na nakalista sa WHO para kumpletuhin ang iyong pangunahing serye. Tandaan: ang mga batang edad 5-17 ay maaari lamang tumanggap ng Pfizer na bakuna sa COVID-19.

Tingnan ang [Mga taong tumanggap ng bakuna sa COVID-19 sa labas ng Amerika](#) para sa mas marami pang mga detalye.

Itinuturing ba akong ganap nang nabakunahan kung ako ay tumanggap ng 2 magkaibang bakuna sa COVID-19?

Ang CDC ay hindi nagrerekomenda na ang mga tao ay maghalo at magtugma ng mga bakuna sa COVID-19 para sa pangunahing serye. Ngunit kung ikaw ay maghahalo at magtutugma, ikaw ay itinuturing na ganap nang nabakunahan 2 linggo pagkatapos na kunin ang pangalawang dosis ng anumang kombinasyon ng mga bakuna na aprubado o awtorisado ng FDA o inilista ng WHO bilang 2-dosis na serye. Dapat na may hindi bababa sa 17 araw sa pagitan ng dosis 1 at dosis 2 para ikaw ay ituring na ganap nang nabakunahan (21 araw na may 4 na araw na palugit na panahon).

Tingnan ang CDC webpage na [Hindi Mamamayan ng Amerika \(U.S.\)](#), [Hindi Imigrante ng Amerika \(U.S.\): Naqlalakbay papunta at mula sa Amerika](#) para malaman pa ang mas marami.

Saan ako makakakuha ng mas marami pang impormasyon?



- Para ilimbag (print) o tingnan itong Madalas na Katanungan o Mga Madalas na Katanungan (FAQ o FAQs) sa iba pang mga paksa ng bakuna sa COVID-19, iiskan ang QR na kodigo (code) o bisitahin ang [Mga Madalas na Katanungan \(FAQs\) sa Bakuna sa COVID-19](#).
- [VaccinateLACounty.com](#) – kabilang ang [Mga Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19](#) na may mga larawan (graphics) para ipakita kung kailan ang bawat dosis ay nakatakda at impormasyon sa [Paano Mababakunahan](#).
- CDC [Mga Bakuna para sa COVID-19](#) na webpage
- Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.